

Sama-sama Nating Planuhin ang Vancouver

Planning Vancouver Together

www.shapeyourcity.ca/vancouver-plan



Nilalaman:

[Ibahagi ang inyong Mga Ideya o Mungkahi](#)

[Madalas na tanong](#)

Maraming mahahalangang pagbabago ang nagaganap sa Vancouver nitong mga nakaraang buwan. Alam naming maraming taong naapektuhan ng COVID-19. May mga komunidad na mas malalala ang epekto nitong *pandemic*. Maraming dahilan kung bakit ang mga mahihina ay lalo pang walang laban o mas matitindi ang epekto ng problema sa panahon ng krisis.

Nais naming marinig ang inyong karanasan at ang inyong mga nasasaisip kung anong mga katangian ng lungsod and ating kailangan pagkatapos ng pandemic at kung papaano kami makakatulong sa pagbangon ng ating komunidad, habang tayo ay nagpaplano para sa ating mas mabuting kinabukasan sa tradisyunal, ninuno, at hindi nasakop na lupain na tinatawag nating tahanan. Binibigyang halaga naming ang inyong panahon sa pagbabahagi sa amin ang inyong karanasan

Ang Planning Vancouver Together ay isang pangmatagalang inisyatiba na maglulunsad ng pangmalawakang plano na gagabay sa mga istrategikong prayoridad ng ating Lungsod. Ang Plano ay magtatalaga kung papaano tayo lalago at uunlad sa pamamagitan ng mga patakarang pang-ekonomiko, pang-lipunan, pang-kalikasan at pang-kultural sa Lungsod. Dahil sa COVID 19, ang inisyatibang pagpaplanong ito ay tutukoy rin ng mga aksyon upang matulungan ang mga komunidad na makabangon sa pandemic.

Makipag-ugnayan sa amin at subaybayan ang aming progreso sa pamamagitan ng website na ito: vancouverplan.ca

Ibahagi ang inyong Mga Ideya o Mungkahi

Sa aming pag-suporta sa pagbangon ng ating Lungsod at pagsisimulang mag-isip ng pang-matagalang pagtataguyod, tumitingala kami sa inyong komunidad upang malaman ang inyong mga ideya at karanasan sa sama-samang pagpa-plano ng mas matatag at may pagkakapantay-pantay na kinabukasan sa Vancouver. Babasahin at susuriin namin ang inyong mga mungkahi upang makapagbigay-alam sa ating pagpa-plano para sa pagbangon ng ating komunidad. **Ang survey na ito ay magsasara sa Hulyo 25, 2020.**

Tanong: Ang epekto ng COVID-19 pandemic sa ating buhay ay iba-iba, depende sa ating katayuan sa buhay, edad, uri sa lipunan, immigration status, kasarian, o sekswalidad. Paano nagbago ang inyong buhay sa inyong komunidad at pamayanan dahil sa COVID-19? Papaano nagbago ang inyong buhay sa inyong komunidad at pamayanan? Anu-ano ang inyong mga hinaharap na hamon? Anu-anong mga tagumpay at bagong kaalaman ang nakikita ninyo sa inyong komunidad?

Paki-submit and inyong sagot sa pamamagitan ng [PAGPINDOT DITO](#), kasunod ng IDAGDAG ANG INYONG IDEYA (siguraduhin na kayo ay nakatala o nakarehistro).

Upang magbahagi ng inyong kaalaman nang hindi binabanggit ang inyong pangalan, ibigay ang inyong ideya sa pamamagitan ng aming [“Questions” tab](#)

Sama-samang Pag-usad

Sa aming pag-suporta sa pagbangon ng ating Lungsod at pagsisimulang mag-isip ng pang-matagalang pagtataguyod, tumitingala kami sa inyong komunidad upang malaman ang inyong mga ideya at karanasan sa sama-samang pagpa-plano ng mas matatag at may pagkakapantay-pantay na kinabukasan sa Vancouver. Babasahin at susuriin namin ang inyong mga mungkahi upang makapagbigay-alam sa ating pagpa-plano para sa pagbangon ng ating komunidad. **Ang survey na ito ay magsasara sa Hulyo 25, 2020.**

Mga Tanong: Tinatanggal na ang ilang bagay na dating ipinagbabawal. Ang ilang mga bawal ay mananatili pa rin. Ano ang magagawa ng Lungsod sa mga susunod na buwan upang mapabuti ang buhay at makabangon ang ating mga komunidad ? Anu-ano ang inyong mga ideya upang tayo ay magkaroon ng mas matatag na Lungsod at mas matatag na mga komunidad?

Paki-submit and inyong sagot sa pamamagitan ng [PAGPINDOT DITO](#), kasunod ng IDAGDAG ANG INYONG IDEYA (siguraduhin na kayo ay nakatala o nakarehistro).

Upang magbahagi ng inyong kaalaman nang hindi binabanggit ang inyong pangalan, ibigay ang inyong ideya sa pamamagitan ng aming [“Questions” tab](#)

Madalas na tanong

- **Ano ang Vancouver Plan?**
- **Paano naka-ugnay ang plano sa iba pang inisyatiba?**
- **Paano isasagawa ang pakiki-pag-ugnayan?**
- **Paano ako makikilahok?**
- **Ano ang mangyayari pa sa mga susunod na buwan?**

Ano ang Vancouver Plan?

Ang *Vancouver Plan* ay isang pang-matagalang at istrategikong plano na gagabay sa komunidad para sa pagbangon at pang-matagalang pagpa-plano ng ating Lungsod. Ang layunin ng *Planning Vancouver Together* ay masigurado na ang proseso ng pagpa-plano ay sumasalamin sa pagkakaiba-iba ng saloobin at tinig ng ating halo-halong populasyon.

Bagamat marami tayong maaaring ipagmalaki sa Vancouver, alam naming hindi malinaw o intensyonal kung ano ang gusto nating mangyari sa ating Lungsod. Dahil rito, hindi pantay-pantay ang karanasan ng mga benepisyo at epekto ng pagbabago dito sa ating Lungsod.

Kung walang malinaw na pananaw na gagabay sa ating gawain, hindi tayo dadalhin ng ang ating mga pang-araw-araw na desisyon at mga patakaran sa direksyong gusto nating tunguhan. Dahil sa kasalukuyang krisis dulot ng *pandemic*, ang *Vancouver Plan* ay nagbago ng direksyon upang tugunan ang ating pangangailangan sa ating sama-samang pagbangon. Kailangan natin ng malinaw, intensyonal, at maisasakatuparang plano para matugunan ang ating mga pangangailangan sa kasalukuyan upang maitaguyod natin sa hinaharap ang mga susunod pang henerasyon.

Ano ang pagkakasunod na oras-balangkas ng Plano?

Ang proseso ng *Planning Vancouver Together* ay nasimula noong 2019 at magtatagal nang halos tatlong taon upang mabuo ang *Vancouver Plan* na may mga panadaliang aksyon habang nagpa-plano. Isina-ayos naming ang aming gawain sa Limang Yugto mula ngayon, 2020 hanggang 2022, na may mga pangunahing mararating na hakbang sa bawat Yugto. Sa inyong kaalaman, tingnan ang oras-balangkas sa vancouverplan.ca/timeline

Sa kasalukuyan, tayo ay nasa bandang dulo na ng Unang Yugto: “Makinig at Pag-aralan” kung saan nais naming kami ay nakikinig na sa inyong komunidad tungkol sa inyong mga hamon at aspirasyon o ninanais.

Anong uri ng plano ang aking maaasahan?

Ang Plano ay magsisilbing estratehikong gabay-balangkas ng Lungsod na magtatakda ng pananaw at adhikain sa hinaharap ng ating Lungsod hanggang sa 2050, o lagpas pa. Ito ang gagabay sa inyong komunidad sa ating pagbangon mula sa COVID-19 *pandemic*, habang tumututok sa kung papaano lalaki o lalawig pa ang ating Lungsod, kung papaano tayo mamumuhunan dito sa loob ng 30 taon, na magbibigay direksyon sa maikli at pangmatagalang panahon.

Nais ng Plano natin na malikom ang lahat ng pananaw at prayoridad ng mga taong naninirahan at nagtrabaho dito sa Lungsod. Alam naming may mayayamang pagkakaiba-iba ang mga tao, karanasan at pananaw na maaaring makapagbigay-alam sa ating Plano. Ang tagumpay ng planong ito ay nakasalalay sa mungkahi at kontribusyon ng bawat isa sa atin.

Ang Vancouver Plan ay may mahahalagang bahagi tulad ng:

- **Isang Pangmatagalang Pananaw** – na magtatakda ng malalawak na layuning kung anong uri ng Lungsod ang gusto nating makita sa taong 2050, o lagpas pa.
- **Isang Istratehikong Balangkas ng mga Patakaran** – na alinsunod sa mga adhikain at layunin ng Pangmatagalang Pananaw, kasama ng mga detalyadong patakaran, plano sa paggamit ng ating mga lupain, at kung paano natin mararating ito. Kasama rin dito ang ilang panadaliang hakbang para sa pagbangon na nakatutok sa komunidad.
- **Isang Istratehiya sa Pagpapatupad** – na gagabay sa kung paano ipapa-abot o ide-deliber ang plano. Magbubuo kami ng mahahalagang batayang-pagtasa at istraktura ng pag-report ng mga naisagawa na o gagawin pa ayon sa intensyon ng plano. Ito rin ang magbibigay direksyon sa mga gagawin sa hinaharap, tulad ng pangkalahatan ng Planong Pisikal na tutukoy kung saan magbabago ang kapaligirang pang-imprastraktura na may kasamang maagang estratehiya sa pamumuhunan.

Paano naka-ugnay ang plano sa iba pang inisyatiba?

1. Iba pang inisyatibang patakaran para sa kaunlaran

Marami pang pangkasalakuyang prayoridad at plano na kailangang patuloy na ipatupad ng Lungsod. Bubuuin ang *Vancouver Plan* ay ang pangunahing plataporma sa pagpapalano ng mga patakaran sa pamamagitan ng koordinasyon sa iba pa nating programa, katulad ng

isinasagawang [Programang Pabahay Vancouver](#) (*Housing Vancouver*), pagpapaunlad sa [Jericho Lands Policy Statement](#), [Climate Emergency Response](#), at iba pa.

Amin ring ipinagpapatuloy ang pagtugon sa maiigting na pangangailangan ng taumbayan dahil sa COVID19, mga hakbang sa ating pagbangon, na lalo pang nagpapalala ng ating mga pangagailangan sa pabahay, pangangailangan ng mga local na negosyo, krisis sa ilegal na droga, at kagipitang dulot ng pagbabago ng ating klima, at sa iba pang mga isyus. Isang mahalagang adhikain ng *Vancouver Plan* ay ang paglikha ng isang sama-samang pananaw na tumutuhog at nagsasalansan ng ating prayoridad para sa hinaharap, kaugnay ng mga kasalukuyang isinasagawang inisyatiba.

Ang kaalaman at pananaliksik mula sa mga patakarang ito ay magbibigay-alam at huhubog sa *Vancouver Plan* na siya namang magbibigay-alam at huhubog rin sa aming pagsusuri. Ang Kawani ng Lungsod ng Vancouver ay may pananagutan na magtulungan upang mayroon kaming koordinasyon sa pakiki-ugnayan at maging sulit ang pahanon at pagsisikap na gugulin ng mga tao sa kanilang pakikilahok.

2. Kasalukuyang *Community Plan* at *Area Plan*

Sa loob ng nakalipas na sampung taon, natapos na ng Lungsod ang ilang *area plans* at *community plans* – magkaiba ito. Naisagawa ang mga planong sa pamamagitan ng mabusising pakikipag-ugnayan at pamumuhunan sa mga komunidad. Nakapagbigay ang mga plano ng tamang katatagan hinggil sa kung ano ang ating maasahan sa mga susunod na dekada tungkol sa pamumuhunang pampubliko at pampribado.

Sa pamamagitan ng prosesong ito , ang paglikha ng bagong Vancouver Plan ay makakapagturo ng mga bagong prayoridad na mag-uudyok sa ating lumikha ng bago o mag-rebisa ng kasalukuyang patakaran. Habang ang Plano ay binunuo, may mga pagbabago sa patakaran na dadalin sa Sangguniang Bayan. Hanggang hindi pa sila napagtitibay ng batas, ang mga kasalukuyang patakaraan natin ang siya munang paiiralin.

3. Mga Inisyatibang Plano na Pang-Rehiyon

Direktang nakakaimpluwensiya sa Vancouver ang pagpa-plano sa buong rehiyon sa pamamagitan ng mga tagubilin at ekspektasyon para sa Lungsod, at indirekta rin dahil sa pamamagitan ng mga tagubilin at ekspektasyon itinakda rin ng rehiyon para sa ibang pamahalaang lokal. Ang inisyatibang *Planning Vancouver Together* ay isang mahalagang oportunidad para maging taga-pamuno ang Vancouver sa paghubog at pagsagot sa pangangailangan ng rehiyon sa kabuuan.

Ilan sa mahahalagang gawaing pang-rehiyon na umaasang huhubog at maisang-ayon ang *Vancouver Plan* ay ang mga sumusunod:

- Intensiyon ng Metro Vancouver na mag-rebisa o mag-update ng **Istratehiya sa Paglago ng Rehiyon** (*Regional Growth Strategy*) na siyang mag-uusad ng mga adhikaing rehiyonal ukol sa kaunlarang panglungsod, ekonomiya, kalikasan at pagbabagu-bago ng klima, pabahay at serbisyong panlipunan, at pinag-kabit na pag-gamit ng lupa at transportasyon.
- Binubuo rin ng Metro Vancouver ang **Klima 2050** (*Climate 2050*) bilang kaukulang pagtugon sa pagbabagu-bago ng klima.
- Ang TransLink ay nasa proseso ng pagbuo ng **Transport 2050**, na magtatalaga ng pananaw, adhikain, estratehiya at mahahalagang inisyatiba sa transportasyon para sa Metro Vancouver sa susunod na tatlumpong (30) taon.

Paano isasagawa ang pakikipag-ugnayan?

Ang aming nais ay masigurado na ang mga tinig at ideya na aming maririnig sa pamamagitan ng proseso ng *Planning Vancouver Together* ay tunay na kumakatawan sa pagkakaiba-iba at halu-halong kalinangan ng ating populasyon. Kung wala ang pagkakaiba-ibang ito, hindi natin masasabing ang ating Plano sa hinaharap sa tunay na sumasalamin sa tinig at perspektiba ng lanhat ng naninirahan, nagtrabaho, at naglalaro sa Vancouver.

Siguraduhing ang bawat isa ay maaring makilahok.

Makikipag-ugnayan kami sa pamamagitan ng aming kasalukuyang relasyon, networks, email lists, at pakikipagtulungan upang mabigyang-daloy ang pangmalawakang partisipasyon ng taumbayan sa pagpa-plano – mula sa indibidwal hanggang sa pamayanan, mga negosyo, non-profits at mga ahensiya. Makikipagtulungan kami lalo na sa mga organisasyon at taga-payong sanggunian na tumutulong sa mga maliliit at mga komunidad na kulang ang kapasidad at kinatawan.

Ito ang ilan sa aming ginagawa:

1. **Mapagkukunan ng Suporta** – Magbibigay kami ng community grants at iba pang suportang pananalapi upang matugunan ang mga istraktural na balakid dahil sa wika, kultura, o kakulangang-yaman upang masiguro na ang mga grupong wala o mahina ang kakayahan ay maaaring makilahok nang makahulugan sa mga proseso ng *Planning Vancouver Together*.
2. **Wikain** – Ang unang *Vancouver Plan survey* ay naisalin na sa limang wika: Ingles, tradisyonal na Intsik, simpleng Intsik, Punjabi, at Tagalog. Bilang pagtugon sa mga puna sa survey, sisiguraduhin

namin sa hinaharap na ang aming mga materyales ay maisasalin sa nararapat at tamang pagsasalin ng wika.

3. **Tinig ng Kabataan** – May karagdagang sikap kaming gagawin upang maunawaan naming ang pananaw ng mga kabataan; ang aming mga aktibidades at kagamitan ay may disenyo na magbibigay-sigla sa mga bata at kabataan upang maisa-boses nila ang kanilang mga tunay na saloobin.
4. **Negosyo** – Nakikipag-ugnayan na kami sa mga negosyo at negosyante sa pamamagitan ng aming mga *networks* at ng *Employment Lands and Economy Review* na kasalukuyang isinasagawa ngayon.
5. **Neighbourhoods** - There will be outreach to neighbourhood residents via established email lists the City developed through previous engagement processes, public contacts for residential associations, Business Improvement Associations, and through community centres and libraries.
6. **Pamayanan** – Nakikipag-ugnayan na kami sa mga naririhan sa ating pamayanan sa pamamagitan ng email list na kinalap ng Lungsod sa pamamagitan nga mga nakaraang konsultasyon, pampublikong kontak ng mga *residential associations*, *Business Improvement Associations*, mga *community centers* at mga silid-aklatan.

Pakikipag-tulungan sa mga Musqueam, Squamish, and Tsleil-Waututh Nations at iba pang Katutubong Komunidad

Ang Lungsod ay aktibong nakikipag-usap sa mga Musqueam, Squamish and Tsleil-Waututh na Katutubo upang maitaguyod ang aming pakikipagtulungan para sa *Planning for Vancouver*. Sa pamamagitan ng pagtutulongang ito, ang mga boses ng ating mga Katutubong Komunidad ay makaka-impluwensiya sa mga resulta, at makakapaghubog din sa proseso ng pagpapalano mismo.

Upang matiyak na ang boses ng ating mga Katutubong Komunidad dito sa Lungsod, gayon din ang kanilang mga kasamahang nagbibigay serbisyo, ay nasasalamain sa aming trabaho, ang Lungsod ay nakikipag-ugnayan sa *Aboriginal Executive Council (MVAEC)*, na siyang magbibigay ng regular na pag-uulat ng aming progreso sa *Urban Indigenous People's Advisory Committee*.

Pagkakaroon ng Siguradong Pampublikong Kalinawan

Ang aming mga *online* at nilimbag na materyales ay magbibigay balangkas sa iba-ibang hakbang at yugto ng proseso at ng tagubilin kung paano makilahok rito. Ang aming *website* ay magbabahagi ng mga natanggap naming mungkahi at saloobin ng publiko batay sa aming narinig at nilagom sa aming mga pagbubuod at mga report. Magbibigay

rin kami ng regular na report sa Sangguniang Bayan tungkol sa aming narinig upang masigurado an gaming mga susunod na hakbang.

Kung maari po ay mag-sign up kayo sa aming *newsletter* para sa bagong kaalaman o impormasyon.

Paano ako makikilahok?

Ang proseso ng pagbuo ng *Planning Vancouver Together* ay patuloy na nagbabago dahil sa COVID-19 at batay na rin sa mga mungkahi ng publiko hinggil sa kanilang mga ninanais na paraan ng pakikipag-ugnayan at mga bagong prayoridad. Sa ngayon, karamihan ng aming paraan ng pakikipag-ugnayan ay *online*.

Hinihiling naming bisitahin ninyo ang vancouverplan.ca para mabasa ninyo ang aming *newsletter* at malaman ang mga bagong oportunidad, paraan ng pakikipag-ugnayan, at kinalalabasan ng ating plano.

Ano ang mangyayari pa sa mga susunod na buwan?

Sa hinaharap, ang aming mga paraan ng pakikipag-ugnayan ay digital sa pamamagitan ng website na ito, panulat, *social media* at radyo . Iniisip naming maaari tayong magkaroon ng maliliit na pagpupulong sa dulo ng taong 2020, kung papayagan ng *BC Provincial Health Officer*.

Samantala, maaari ninyong rebyuhin ang mga pansamantalang natuklasang mula sa “Unang Yugto: Makinig at Mag-aral” bago dumating ang COVID-19. Ang mataas na antas na pagliligom ng aming mga natuklasan na inilahad sa Sangguniang Bayan ay makikita sa “*Documents*” section ng aming *homepage*.

Para sa pinaka-bagong impormasyon, pumunta at mag sign-up sa aming *newsletter* sa vancouverplan.ca.